


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 3: Pagtukoy at Paggamit ng Salitang Ngalan



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Pagtukoy at Paggamit ng Salitang Ngalan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Novina Ramirez
Editor:	Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Novina Ramirez
Tagalapat:	Cristina T. Fangon
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 3:
Pagtukoy at Paggamit ng Salitang
Ngalan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makatutukoy at makagagamit ng mga salitang ngalan sa pangungusap.

MT2GA-Ia-2.1.1



Subukin

Panuto: Piliin sa kahon ang inilalarawan sa bawat bilang. Piliin at isulat sa papel ang letra ng tamang sagot mula sa kahon.

- | | |
|----------------|------------------|
| a. Bagong Taon | d. lapis |
| b. kalabaw | e. doctor |
| c. paaralan | f. Mahal na Araw |

- ___ 1. Gumagamot sa mga taong maysakit.
- ___ 2. Dito tayo natututo ng pagbasa at pagsulat.
- ___ 3. Hayop na katulong ng magsasaka sa pagtatanim.
- ___ 4. Ginagamit na panulat sa papel at kuwaderno.
- ___ 5. Ipinagdiriwang ito sa unang araw ng taon.

Pagtukoy at Paggamit ng Salitang Ngalan

Tayong mga Pilipino ay kilala sa pagkakaroon ng magandang pagbubuklod ng pamilya. Naipapakita natin ito sa pamamagitan ng pagtutulungan sa mga gawaing-bahay. Gayundin sa masayang pagsasalo-salo at kuwentuhan kung may pagdiriwang. Nagdadamayan at nagkakaisa tayo upang malutas ang anumang problema. Ikaw, tumutulong ka ba sa iyong pamilya?

Sa ating kuwento, kilalanin natin ang mga salitang ngalan na tumutukoy sa tao, bagay, lugar, hayop at pangyayari. Alamin din ang mabuting aral na gustong ibahagi ng kuwento sa atin.



Balikan

Panuto: Isulat sa sagutang papel kung ang salitang may salungguhit ay ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari.

- _____ 1. Ang kalabaw ay katulong ng magsasaka sa bukid.
- _____ 2. Nagtanim sila ng mga halaman sa kanilang bakuran.
- _____ 3. Sa Sabado gaganapin ang kaarawan ni Lina.
- _____ 4. Umani ng gulay ang magkapatid.
- _____ 5. Bibili sila ng lapis at kuwarderno bago magpasukan.



Tuklasin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.

Ang Magkapatid



Sumapit na naman ang bakasyon. Nagkasundo ang magkapatid na Akira, at Akina na magtanim ng mga gulay tulad ng talong, okra, kamatis, petsay, labanos, kamote, at mustasa sa kanilang bakuran. Araw-araw ay dinidiligan at inaalisan ng damo ang mga pananim. Hindi nila hinayaang masira ito ng mga kulisap. Kinakausap nila ang kanilang mga pananim upang magbunga ng marami. Natuwa ang magkapatid nang maitinda nilang lahat ang mga inaning gulay sa palengke. Hindi na iisipin pa ng kanilang magulang ang pambili ng mga kagamitan para sa kanilang pag-aaral.



Balikan natin ang kuwento upang mas makilala natin kung ano ang salitang ngalan.

Panuto: Sagutan ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
 - a. Ang Kapitbahay
 - b. Ang Magulang
 - c. Ang Magkapatid
2. Sino ang magkapatid sa kuwento?
 - a. Ara at Ana
 - b. Akina at Akira
 - c. Alma at Alena
3. Aling mga salitang sa kuwento ang tumutukoy sa pook?
 - a. bahay at plasa
 - b. bangko at palengke
 - c. bakuran at palengke
4. *Hindi nila hinayaang masira ito ng mga kulisap.* Ano ang ngalan ng hayop ang tinukoy sa pangungusap?
 - a. kulisap
 - b. kalabaw
 - c. kabayo
5. Anong salita sa kuwento ang tumutukoy sa ngalan ng bagay?
 - a. dinidiligan
 - b. bakuran
 - c. gulay

Ano ang salitang ngalan?

Ang salitang ngalan ay tinatawag na **pangngalan**. Ang pangngalan ay ngalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.

Karaniwan, ito ang pinag-uusapan o inilalarawan sa pangungusap.

Narito ang mga halimbawa ng mga salitang ngalan.


Tao	Bagay	Pook
guro nanay kaibigan	Prutas Sabon papel	Simbahan Parke ospital

Hayop	Pangyayari
aso pusa kambing	Pasko Araw ng Kalayaan kasalan



Mga Tala para sa Guro

Patnubayan ang mag-aaral sa pag-sagot sa mga Pinatnubayang Pagsasanay.



Pagyamanin



Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Kilalanin ang bawat larawan at isulat ang sagot sa angkop na kahon upang mabuo ang puzzle. Gumawa ng puzzle sa sagutang papel.

Pahalang



Pababa



Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin ang teksto. Sagutan ang mga tanong upang makilala ang ngalan na tinutukoy. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang Mag-anak

Haligi ng tahanan ang aking ama
Binibigyang liwanag naman ni ina.
Sina ate at kuya katuwang sa gawain
Madaling matatapos ano mang gawin.

Sa bawat pagngiti naman ni bunso
Pampawala ng pagod kanyang trabaho.
Sama-samang mag-anak puno ng kagalakan
Sa puso't isipan wagas na pagmamahalan.

1. Sino ang haligi ng tahanan?
2. Sino ang nagbibigay ng liwanag sa tahanan?
3. Sino-sino ang katuwang sa gawain?
4. Ano ang nagpapawala sa pagod ng mag-anak?
5. Ano ang nararamdaman ng mag-anak?

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin ang mga nakatalang ngalan. Isulat ang letrang **T** kung tao, **B** kung bagay, **H** kung hayop, **L** kung lugar at **P** kung pangyayari.

- _____ 1. Palengke
- _____ 2. lapis
- _____ 3. lolo
- _____ 4. Lungsod ng Balanga
- _____ 5. Araw ng Kalayaan

Pinatnubayang Pagtatasa 2


Panuto: Kilalanin ang pangngalang may salungguhit sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang **T** para sa tao, **B** para sa bagay, **H** para sa hayop, **L** para sa lugar at **P** para sa pangyayari.

- _____ 1. Naghahatid ng saya ang alaga nilang pusa.
- _____ 2. Nagluluto si nanay ng masarap na meryenda.

- _____3. Abala sila sa nalalapit na pista.
- _____4. Isa siyang gurong may puso sa pagtuturo.
- _____5. Masarap mamasyal sa tabing dagat tuwing umaga.

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Piliin ang angkop na salitang ngalan ng mga larawan upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang tamang letra.



1. Mahilig sa _____ ang pusa.
2. Ang sikat ng _____ ay mainit sa balat.
3. Katulong ng magsasaka ang hayop na _____.
4. Sama-sama silang nagliinis ng _____.
5. Palaging nagbabasa ang bata ng _____.

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Pangkatin at isulat ang mga sumusunod na ngalan sa tamang kolum ng talahanayan.

parke	kamote	magsasaka	ospital
kasalan	palengke	binyag	mag-aaral
mesa	pulis	tigre	upuan
kaarawan	usa	Pilipino	kabayo

Tao

Hayop

Bagay

Lugar

Pangyayari

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin mula sa kahon ang tamang ngalan na bubuo sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot.

- | | | |
|------------|---------------------|-------------|
| a. gulay | c. Araw ng Kalayaan | e. paaralan |
| b. pamilya | d. uniporme | |

1. Ang _____ ay masayang namamasyal sa parke.
2. Magandang libangan ang pagtatanim ng mga _____.
3. Kupas na ang aking mga _____ pamasok sa paaralan.
4. Ipinagdiriwang tuwing ika-12 ng Hunyo ang _____.
5. Lilipat na ng ibang _____ ang aking kaibigan kaya ako ay nalulungkot.

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang sumusunod na pahayag. Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na ngalang tumutukoy dito.

Araw ng Patay	mangingisda	
langgam	bulaklak	parol

- _____ 1. Isinasabit ito sa bahay tuwing Pasko.
- _____ 2. Dinadapuan ng paruparo sa halaman.
- _____ 3. Ang tawag sa taong nanghuhuli ng isda.
- _____ 4. Araw ito ng pag-alaala sa mga taong namayapa na.
- _____ 5. Isang uri ng insektong mahilig mag-imbak ng pagkain.



Isaisip

Ang _____ ay bahagi ng pananalitang tumutukoy sa ngalan ng _____, _____, _____, _____, at _____.

Karaniwan, ang pangalan ang pinag-usapan o inilalarawan sa pangungusap.



Isagawa

Panuto: Piliin ang wastong ngalan upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

1. Abala ang magkakapatid sa pag-aasikaso ng _____ ng kanilang nanay.
a. kaarawan b. Pasko c. pista
2. Maputi ang buhangin sa _____ kaya doon namin naisipang mamasyal.
a. paaralan b. Isla ng Boracay c. bundok
3. Umarkila ng _____ ang aking kapatid para masundo sa Baguio ang kanyang anak.
a. traysikel b. bisikleta c. kotse
4. Nakalimutan ni lola ang kanyang _____ para sa pamamalengke.
a. banig b. basket c. kumot
5. Namitas ng mangga si Kuya Miyong para ibigay sa kanilang _____.
a. aso b. panauhin c. kalabaw



Tayahin

Panuto: Punan ng angkop na ngalan ang bawat patlang. Isulat ang letra nang wastong sagot.

1. Maagang bumangon si _____ para magluto ng almusal.
 - a. nanay
 - b. bunso
 - c. guro
 - d. tindera
2. Inihanda din niya ang _____ isusuot ng kanyang anak sa pagpasok sa paaralan.
 - a. uniporme
 - b. relo
 - c. kuwintas
 - d. sumbrero
3. Inilagay ni nanay ang tinapay sa loob ng _____ ng kanyang anak.
 - a. basket
 - b. bulsa
 - c. baunan
 - d. kaldero
4. Bago lumabas ng bahay ang kanyang anak ay nagpaalam muna siya kay Loro, ang kanyang alagang _____.
 - a. pusa
 - b. isda
 - c. aso
 - d. ibon
5. Inihatid siya ng tanaw ng kanyang nanay habang naglalakad siya patungo sa _____.
 - a. simbahan
 - b. paaralan
 - c. palengke
 - d. ospital



Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang halimbawa ng pangngalan na tumutukoy sa bawat uri nito. Isulat nang wasto at gamitin sa pangungusap ang mga pangalan na sinulat.

1. Tao

2. Bagay

3. Hayop

4. Lugar

5. Pangyayari



Susi sa Pagwawasto

	<p>Subkin</p> <ol style="list-style-type: none"> E C B A A 	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> Hayop Pook Pangyari Tao Bagay 	Pagymanhin								
<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> buwan ubas pagong tasal aso 	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> Ama Nagbibigay Iwanag Ate at kuya Puno ng pagmamahalan 	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 2</p> <ol style="list-style-type: none"> L B T L P 	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> C B D A E 	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <ol style="list-style-type: none"> Parol Bulaklak Mangingsida Arang mga patay langgam 	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> Tao-pulis, magsasaka, Pilipino, mag-aaral Bagay-mesa, kamote, upuan Hayop- usa, tigre, kabayo Lugar- parke, palengke, ospital Pangyari-kasalan, kaarawan, binyag 	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <ol style="list-style-type: none"> A B D C E 	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <ol style="list-style-type: none"> C B D A E 	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Suriin at itama ang mga pangngalang isinulat ng mag-aaral</p>	<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> a a c d b 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> a b c b b 	<p>Isaisip</p> <p>Pangngalang</p> <p>tao, bagay, hayop, lugar at pangyari</p>

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph